

KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-162, CD1

RESOLUSYON

PAGPAPASIMULA NG AMENDASYON SA NIREBISANG KARTA NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU 1973 (NAAMYENDAHANG 2017 EDISYON), BILANG NAAMYENDAHAN, KAUGNAY SA PONDO SA PAGHARAP SA HAMON SA KLIMA.

YAMANG, ang Lungsod at County ng Honolulu ("Lungsod") ay matatagpuan sa isla ng O'ahu, sa kapuluan ng Dagat Pasipiko na apektado ng pagbabago ng klima, kabilang na ang pagtaas ng tubig sa dagat, lumalakas na bagyo, at pabago-bagong panahon; at

YAMANG, ang epekto ng pagbabago ng klima ay nagsasapanganib sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mamamayan ng Lungsod, kabilang na ang pagkasira ng mga ari-arian, pagkawala ng kabuhayan, at pagkawasak ng mga mahahalagang imprastraktura; at

YAMANG, ang krisis sa klima ay talagang bumabago sa siklo ng tubig na naranasan ng O'ahu, at pindadalas ang bagyo at baha, at pinahihirapan ang daloy at sistema ng tubig ng Lungsod; at


YAMANG, ang epekto ng pagbabago ng klima ay maaaring mas makaapekto sa mga mahirap at mababa ang kita na mga komunidad sa O'ahu, na nagpapalala ng kasalukuyang di-pagkakapantay-pantay dahil sa katayuan sa lipunan at kalagayan sa buhay; at

YAMANG, ipinapakita ng mga ebidensiya sa siyensiya na ang mga bantang may kinalaman sa klima ay lalala sa mga susunod na dekada malibang may mga mahahalagang hakbang na gawin; at

YAMANG, ang maagap na hakbang sa pagharap sa pagbabago ng klima, kabilang na ang paglikha ng Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima para tustusan ang mga hakbang sa pag-iingat, pagpapabuti, at edukasyon ay mas matipid kaysa sa paglutas lamang ng mga problema kapag nangyari na ito; at

YAMANG, ang Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima ay maaaring sumuporta sa:

1. Mga proyekto na magpapatatag sa Lungsod sa pagharap sa pagbabago ng klima, kabilang na ang pamumuhunan sa imprastraktura na konektado sa kalikasan; mga solusyon alinsunod sa kaalaman ng komunidad, prebensiyon at kontrol sa mga nakapipinsalang organismo, enerhiya na hindi nauubos, at proteksiyon sa karagatan;



KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-162, CD1

RESOLUSYON

2. Pagbabawas ng epekto ng pagbabago ng klima sa daluyan ng tubig ng lungsod, latian, sapa, kanal, lagusan, at sistema ng patubig; at
3. Pagtuturo sa mga residente tungkol sa epekto ng pagbabago ng klima at ang kahalagahan ng pagiging matatag, upang mapasigla ang komunidad ukol sa pag-unawa at pagtugon sa pandaigdig na hamong ito; at

YAMANG, nakita ng Konseho ng Lungsod ("Konseho") na ang bahagi ng kita mula sa buwis ng mga lupain at gusali ay maaaring gamitin para suportahan ang paglikha ng Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima ng hindi naman isasabay ang pagtaas ng buwis ng mga lupain at gusali para pondohan ang layuning ito, na magpapakita ng pagsisikap ng Lungsod na bantayan ang kaniyang residente, kabuhayan, at ang kapaligaran mula sa epekto ng pagbabago ng klima para sa susunod na henerasyon; at


YAMANG, ang Seksiyon 9-204, Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan ("Karta"), ay nagtakda ng Pondo Para sa Malinis na Tubig at Likas na Lupa at ng Pondo Para sa Abot-Kayang Pabahay, bawat isa ay pinopondohan ng kalahati ng isang porsiyento ng nakalkulang kita mula sa buwis ng mga lupain at gusali ng Lungsod na isinasama sa budget at kapital na programa ng bawat taon sa gobyerno; at

YAMANG, ang Konseho ay naniniwala na ang pagkakaroon ng Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima, na pinopondohan ng kalahati ng isang porsiyento ng nakalkulang taunang kita mula sa buwis ng mga lupain at gusali ng Lungsod (katulad ng bahaging inilalaan sa Pondo Para sa Malinis na Tubig at Likas na Lupa at Pondo Para sa Abot-Kayang Pabahay), ay susuporta sa mga pagsisikap at programa sa layuning mabawasan ang epekto ng pagbabago ng klima, mapatatag ang mga imprastruktura at komunidad ng Lungsod, at maitaguyod ang mga mabubuting kaugalian; at

YAMANG, ang pagtutustos sa Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima ay isasama sa budget at kapital na programa ng bawat taon ng gobyerno, kalakhan sa pera na mairalok sa Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima ay magagamit sa mga proyektong magpapasulong ng komunidad; at

YAMANG, ayon sa Karta Seksiyon 15-101, ang Konseho ay maaaring magtaguyod, sa pamamagitan ng resolusyon, ng mga amendasyon sa Karta; at

YAMANG, ayon sa Karta Artikulo 15, ang pag-abroba ng Mayor ay kahilingan para sa anumang pagbabago ng Karta na iminungkahi ng Konseho sa isang



KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-162, CD1

RESOLUSYON

pangkalahatang eleksiyon na isinasagawa sa taon na nagtatapos sa "4"; ngayon, samakatuwid,

NAWA'Y PAGTIBAYIN ng Konseho ng Lungsod at County ng Honolulu:

1. Na ang kasunod na tanong ay mailagay sa balota ng 2024 pangkalahatang na eleksiyon:

“Dapat bang amyendahan ang Nirebisang Karta ng Lungsod para hilingin na magtatalaga ang Konseho ng Lungsod, nang hindi naman isasabay ang pagtaas ng buwis ng mga lupain at gusali para pondohan ang layuning ito, ng kalahati ng isang porsiyento ng nakalkulang taunang kita mula sa buwis ng mga lupain at gusali ng Lungsod, na idedeposito sa Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima, na ang layunin ay suportahan ang mga pagsisikap at proyekto upang bawasan ang epekto ng pagbabago ng klima, patatagin ang imprastraktura at komunidad ng Lungsod, at itaguyod ang mga mabubuting kaugalian?”


2. Na ang Seksiyon 9-204, Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan, ay inaamyendahan para kabasahan ng ganito:

“Seksiyon 9-204. Pondo Para sa Malinis na Tubig at Likas na Lupa [at], Pondo Para sa Abot-Kayang Pabahay, at Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima –

1. Dapat ay mayroong nakatakdang Pondo Para sa Malinis na Tubig at Likas na Lupa [at], Pondo Para sa Abot-Kayang Pabahay[-], at Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima. Sa pagkakapit sa budget at kapital na programa ng bawat taon sa gobyerno, ang konseho ay magtatalaga ng isa at kalahating porsiyento ng nakalkulang taunang kita mula sa buwis ng mga lupain at gusali ng Lungsod, [kalahati] sangkatlo ay maidedeposito sa Pondo Para sa Malinis na Tubig at Likas na Lupa [at ang natitirang kalahati], sangkatlo ay maidedeposito sa Pondo Para sa Abot-Kayang Pabahay[-], at ang natitirang sangkatlo ay maidedeposito sa Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima.

2. Ang pera sa Pondo Para sa Malinis na Tubig at Likas na Lupa ay magagamit:

- (a) Upang bumili o kaya naman makakuha ng ari-arian o anumang qualified interest para sa konserbasyon ng lupa sa lungsod para sa mga sumusunod na layunin: proteksiyon ng



KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU


No. 23-162, CD1

RESOLUSYON

mga mahahalagang libis-agusan para mapanatili ang kalidad ng tubig at pagkukunan nito; pangangalaga ng mga mahahalagang kagubatan, dalampasigan, baybayin, at lupang pang-agrikultura; pambublikong libangan at edukasyon, kabilang ang pagpunta sa dalampisagan at kabundukan; pangangalaga ng mga makasaysayan o kultural na mga lupain at mga lugar; proteksiyon ng mga mahahalagang tirahan o ecosystem, kabilang ang mga buffer zone; konserbasyon ng lupa upang magkaroon ng malaking bawas sa pagguho ng lupa, baha, landslide, at pag-agos ng tubig; at makakuha ng mga pambublikong daan upang makapunta sa mga pambublikong lugar at bukas na espasyo para magkaroon ng makabuluhang benepisyo sa publiko. Ang qualified interest ay nangangahulugang permanenteng restriksiyon ng konserbasyon sa pamamagitan ng isang kuwalipikadong organisasyon [~~kung saan~~] na may dedikasyong protektahan ang mga layunin ng konserbasyon at ang pinagkukunan para magpatupad ng restriksiyon; o

- (b) Para sa mga gastusin kaugnay sa pagpapatakbo, pagmamantini, at pamamahala na nakuha sa pondong ito na kailangan upang maprotektahan, mapanatili, o manumbalik muli ang mga nanganganib na yaman sa mga lupang ito, katulad ng mga imprastruktura, pagsasaayos ng kapaligiran, o pagpapabuti para magpahintulot sa publiko na makapunta at magamit ang mga lupa: sa kondisyon na ang mga gastusin kaugnay sa pagpapatakbo, pagmamantini, at pamamahala na nakuha sa pondong ito ay hindi lalampas sa limang porsiyento ng pera na naideposito sa pondo sa nagdaang taon.

3. Ang pera sa Pondo Para sa Abot-Kayang Pabahay ay dapat gamitin upang makapaglaan ng mga abot-kayang marerentahang bahay para sa mga taong kumikita ng animnapung porsiyento o mas mababa sa karaniwang suweldo ng pamilya sa lungsod para sa mga sumusunod na layunin: pagbibigay at pagpapalawak ng mga abot-kayang marerentahang bahay at kaaya-ayang kapaligiran sa mga proyekto, na maaaring kabilang ang mixed-use, mixed-income na mga proyekto, na may mga tirahang pangunahin na para sa mga taong may mababa o katamtamang suweldo sa pamamagitan ng pagkuha ng lupa para, pag-develop ng, pagtatayo ng, at/o pagpapaganda ng komunidad o



KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU


No. 23-162, CD1

RESOLUSYON

pagsasaayos ng mga kabahayang katulad niyaon, sa kondisyon na ang naponдохang pamahay ay mananatiling abot-kaya sa loob ng hindi bababa ng animnapung taon.

4. Ang pera sa Pondo sa Pagharap sa Hamon sa Klima ay gagamitin:
 - (a) Upang tustusan ang mga hakbang sa pag-iingat, pagpapabuti, at edukasyon kaugnay sa naranasan at inaasahang epekto ng pagbabago ng klima;
 - (b) Upang mas patatagin ang lungsod sa pagharap sa epekto ng pagbabago ng klima, kabilang na ang pamumuhunan sa imprastraktura na konektado sa kalikasan; mga solusyon alinsunod sa kaalaman ng komunidad, prebensiyon at kontrol sa mga nakapipinsalang organismo, enerhiya na hindi nauubos, at proteksiyon sa karagatan;
 - (c) Upang bawasan ang naranasan at posibleng pagbaha na epekto ng pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pagtustos sa pagtatayo, pag-aayos, at pagmamantini ng daluyan ng tubig, latian, sapa, kanal, lagusan, at sistema ng patubig na pag-aari o kontrolado ng lungsod;
 - (d) Upang turuan ang mga residente ng lungsod tungkol sa naranasan at inaasahang epekto ng pagbabago ng klima at ang kahalagahan ng pagiging matatag, upang mapasigla ang komunidad ukol sa pag-unawa at pagtugon sa pandaigdig na hamong ito; sa kondisyon na ang mga gastusin kaugnay sa edukasyong ito ay hindi lalampas sa limang porsiyento ng pera na naideposito sa pondo sa nagdaang taon; o
 - (e) Upang bantayan ang mga residente ng lungsod, kabuhayan, at ang kapaligaran mula sa epekto ng pagbabago ng klima para sa susunod na henerasyon.

[4.] 5. Ang pera sa bawat pondo ay maaari ding gamitin para sa pagbabayad ng prinsipal, interes, at premium, kung meron man, bayarin ayon sa bond na nailabas kasunod ang pagpapatupad ng seksiyong ito at ayon sa Seksiyon 3-116 o 3-117, buo man o bahagi lang nito, para sa layuning inisa-isa



KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-162, CD1

RESOLUSYON

sa mga subseksiyon 2 ~~[at]~~, 3, at 4 ng seksiyong ito at para sa pagbabayad ng halaga kaugnay sa pagbili, pagbawi, o pagbalik ng ganoong bond.

~~[5-]~~ 6. Sa anumang panahon, hindi lalampas sa limang porsiyento ng pera sa bawat pondo ang gagamitin para sa mga administratibong gastusin.

~~[6-]~~ 7. Anumang matira sa bawat pondo sa pagtatapos ng bawat taon ng gobyerno ay hindi mawawala, at mananatili sa pondo, na maiipon taon-taon. Ang pera sa bawat pondo ay hindi dapat gamitin sa anumang layunin maliban sa mga nakalista sa seksiyong ito.


~~[7-]~~ 8. Ang departamento ng pamamahala sa lupa ay tatanggap ng mga mungkahi para sa paggamit ng pera sa Pondo Para sa Malinis na Tubig at Likas na Lupa at dapat na magsumite ng mga kuwalipikadong mungkahi sa ~~[isang]~~ tagapayong komisyon~~[-]~~ itinalaga ayon sa subseksiyon 9, na siyang gagawa ng mga rekomendasyon sa konseho para sa pag-aproba~~[-Lahat]~~; lahat ng mungkahi sa paggamit ng Pondo Para sa Malinis na Tubig ay iproproseso sa pamamagitan ng paraang ito.

~~[8-]~~ 9. Dapat na merong naitalagang Tagapayong Komisyon para sa Malinis na Tubig at Likas na Lupa upang isaalang-alang ang mga mungkahing isinumiti dito ng departamento ng pamamahala ng lupa at upang magsumiti ng mga rekomendasyon sa konseho para sa pag-aproba ng mga gastusin ~~[seksiyong ito-]~~ subseksiyon 2. Ang komisyon ay dapat na binubuo ng pitong miyembro, kabilang ang tatlong itinalaga ng mayor, tatlong itinalaga ng konseho, at isang itinalaga ng kalakhang boto ng naitalagang anim na miyembro. Ang mga miyembro ay magsisilibi sa loob ng limang taong paunti-unting termino at hanggang ang kanilang kapalit ay naitalaga na at napili. Ang unang pagtatalaga ay magsisimula ng hindi lalampas sa Enero 15, 2017, at ayon sa sumusunod:

(a) Para sa unang dalawang-taong termino, dalawang miyembro, itinalaga tig-isa ng mayor at ng konseho.

~~[(e)]~~ (b) Para sa unang tatlong-taong termino, dalawang miyembro, itinalaga tig-isa ng mayor at ng konseho.

~~[(d)]~~ (c) Para sa unang apat-na-taong termino, dalawang miyembro, itinalaga tig-isa ng mayor at ng konseho.



KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-162, CD1

RESOLUSYON

~~[(e)]~~ (d) Para sa limang-taong termino, ang miyembro na itinalaga sa pamamagitan ng kalakhang boto ng ibang anim na itinalagang miyembro.


~~[9-]~~ 10. Ang direktor ng departamento ng budget at serbisyo ng fiscal ang mangangasiwa sa ~~[pende-]~~ pondong naitatag sa ilalim ng seksiyong ito.

~~[40-]~~ 11. Ang konseho ay, sa pamamagitan ng ordinansa, magtatakda ng ng iba pang hakbang para sa pangangasiwa at paggastos ng pera sa pawat pondo ayon sa seksiyong ito. Ang pagtatakda sa bawat pondo ay hindi dapat na kapalit, ngunit karagadagan sa, mga nakalaang pondo na dati nang nakalaan para sa mga layuning binanggit sa seksiyong ito.”

3. Na sa Seksiyon 2 ng resolusyong ito, ang mga bahaging aalisin ay nakapaloob sa bracket at nacross-out at ang bagong bahagi ng Karta ay naguhitan. Kapag nagrerebisa, nagtitipon, o nag-iimprenta ng probisyon ng Kartang ito para maisali sa Nirebisang Karta ng Lungsod at County ng Honolulu 1973 (Naamyendahang 2017 Edisyon), bilang naamyendahan, ang Tagarebisa ng Karta ay hindi na kailangang maglagay ng brackets, bahaging nakapaloob sa bracket at nacross-out, o ng naguhitan.
4. Na ang Tagarebisa ng Karta, sa pagrerebisa, pagtitipon, o pag-iimprenta, ay maaaring palitan ang laki ng letra o ang porma ng numero at kabuoan ng pera para sa pagkakapareho.

Kung ang probisyon ng naamyendahang Karta ayon sa resolusyong ito ay amyendahan ng anumang ibang mga amendasyon ng Karta na naprobahan ng mga botante sa 2024 pangkalahatang eleksiyon, ang Tagarebisa ng Karta, sa pagrerebisa, pagtitipon, o pag-iimprenta ay:

- a. Maaring magtalaga o magtalagang muli ng mga artikulo, kabanata, seksiyon, o bahagi ng seksiyon, at ayusin ang mga reperensiya ayon sa mga ito; at
 - b. Magpapatupad, malibang iba ang banggitin sa resolusyong ito o sa ibang mga resolusyon na nagaamyenda sa mga probisyon ng Kartang ito, hangga't posible, ng lahat ng mga amendasyong naaprobahan.
5. Na sa pagtanggap ng Konseho ng Lungsod at County ng Honolulu sa resolusyong ito at aprobasyon ng Mayor, ang Clerk ng Lungsod ay tinatagubilinan na:




KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-162, CD1

RESOLUSYON

- a. Maghanda ng mga kinakailangang balota na may tanong na nakapaloob sa resolusyong ito at may espasyo para sa "oo" at "hindi" na boto sa tanong para sa paghaharap sa mga botante sa 2024 pangkalahatang eleksiyon. Maaaring gumawa ang Clerk ng Lungsod ng mga teknikal at maliit na pagbabago sa porma ng tanong na iniharap upang sundin ang porma ng ibang tanong para sa amendasyon ng Karta na ihaharap sa mga botante sa parehas na eleksiyon; at
- b. Detalyadong maglathala ng mungkahi-sa-itaas na amendasyon sa Karta sa pangaraw-araw na pahayagan na ibinabahagi sa publiko sa Lungsod at County ng Honolulu ng hindi bababa sa 45 na araw bago ang pagsusumite sa mga bobante sa 2024 pangkalahatang eleksiyon.



KONSEHO NG LUNGSOD NG HONOLULU

LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU

No. 23-162, CD1

RESOLUSYON

- Na sa pag-aproba sa tanong sa pag-amyenda sa Karta na iniharap sa Seksiyon 1 ng resolusyong ito ng kalakhang bahagi ng botanteng bumoboto doon, bilang sertipikado, ang mga pagbabago sa Karta na iminungkahi sa resolusyong ito ay magkakabisa sa Enero 1, 2025.

INIHARAP NI:

Tommy Waters

PETSA NA INIHARAP:

Hulyo 6, 2023
Honolulu, Hawai'i

Membrongkonseho

INAPROBAHAN ngayong ika-_____ na araw ng _____, 20_____.

RICK BLANGIARDI, Mayor
Lungsod at County ng Honolulu